# Pamamanhikan

Carlos Palanca Memorial Awards for Literature 2013
Dulang May Isang Yugto | Filipino Division

MGA TAUHAN

***Ester, 68.***Lumaki si Ester sa isang tradisyunal na pamilya kaya nakapadron doon ang kaniyang mga gawi sa pagiging ina at asawa. Bagaman domestikado at gamay ang mga gawaing bahay, mas pinili niyang may makatuwang sa paggampan ng mga ito lalo't nagkamalay siyang may kasambahay. Mahinhin, mayuming ngumiti, at maingat sa pananalita itong si Ester. Matampuhin siya lalo ngayong may pinagdadaanan sa kaniyang pagiging ina. Dahil mag-iisang dekada na siyang balo at may sari-sarili nang pamilya ang panganay at pangalawa niyang anak, si Ibyang, kaniyang kababata't kasambahay, ang tangi niyang nakakasama sa lumang tahanannila sa probinsiya. Buwanan na lamang kasi kung umuwi si Ma. Celeste, ang bunso niyang anak.

*Kasuotan*. Nakabestidang malamlam na asul si Ester. Ugali niyang plantsahin ang buhok, gamit ang kamay, kahit pa banat na banat na ang pagkakapusod nito.

***Ibyang, 69.***Malayo siyang kamag-anak ni Ester at maituturing na isa ring kababata sapagkat lumaki siya sa tahanan ng huli bilang kasambahay. Masayahin, palabiro, at may bahid ng gaslaw ang kaniyang mga kilos. Mabilis siyang magsalita at paminsa'y maririnig ang kaniyang dilang Kapampangan.Walang asawa si Ibyang sapagkat mula nang magdalaga'y lihim na niyang itinatangi si Ester.

*Kasuotan*: Nakamaluwang at kupas na pulang blusa si Ibyang.Nakapaloob ang laylayan nito sa baywang ng kayumanggi niyang saya.Mayroon itong maliit na bulsa sa kaliwang bahagi ng dibdib na pinaglalagyan ni Ibyang ng isang panyolitong nabuburdahan ng kaniyang pangalan. Samantala, ang kayumanggi niyang saya ay de-garter lamang. Medyo mabigat ang telang ginamit sa palda kaya madalas makikita si Ibyang na inilililis ito upang mabitbit.

TAGPUAN

Magaganap ang dula sa kusinang lutuan ng isang lumang bahay sa probinsiya.Tulad ng mga aktuwal na tahanan ng mga maykaya sa nayon, dalawa ang kusinang mayroon sina Ester. May "kusina sa loob"o ang bahagi ng mismong bahay kung saan may hapag at kumakain ang mga tao, at "kusina sa labas/kusinang lutuan" o ang espasyong nakahiwalay o nasa labas ng mismong bahay kung saan naman nagaganap ang paghahanda at aktuwal na pagluluto.

Nasa gitna ng entablado ang isang mesang gawa sa kahoy. Nakapatong dito ang isang makapal at pabilog na sangkalang sa kahoy rin yari. Sa mesang ito gagawin ang paghahanda sa lahat ng mga sangkap ng mga putaheng iluluto para sa pananghalian.

Sa bandang likuran ay may isang estantena naglalaman ng iba't ibang mga gamit sa kusina.Sa pinakamataas na eskaparate ay nakahiwalay ang isang lumang palayok. Nasa bandang gitna ang magkakaibang lapad at laki ng kutsilyo, kampit, at mga sandok, kasama ang mga karaniwang sangkap sa pagluluto tulad ng mantika, asin, toyo, suka, bagoong, at iba pa. Sa pinakaibaba naman nakalagay ang mga kaldero, kaserola, at kawali. Sa gilid ng estante ay may mga nakasabit na bungkos ng bawang at sibuyas-Tagalog, at mga bawas na banig ng laurel, durog at hindi durog na paminta, at buto ng atsuete.Katabi ng estante ang pintong palabas sa likod-bahay kung saan naroon ang iniigibang poso (off-stage). Malapit sa pintuan ang pindutan o switch ng ilaw para sa kusina.

Makikita sa isang gilid ng entablado ang dalawang luma at nangungutim na kalang de-uling. Sa tabi ng mga ito ay mayroong isang bawas na sako ng ulingat bilao na panghakot ng abo. Mayroon ding pulumpon ng mga nakatuping karton ng de-lata na ginagamit bilang pamparingas at pamaypay sa kalan.

May maliit na banggerahan sa kabilang gilid ng entablado kung saan nakapatong ang isang tapayang pinaglalagyan ng tubig. Sa ibaba nito ay may nakahilig na kudkuran ng niyog.

***Magbubukas ang tanghalan.***

*Unti-unting magkakaroon ng malamlam na liwanag ang entablado. Nagmumula ito sa labas ng kusina na mistulang natural light ng isang madaling araw.Marahang papasok sa background ang sari-saring tunog ng mga insekto, kulisap, at iba pang hayop tuwing bukang-liwayway sa mga probinsiyatulad ng tilaok ng manok, at iba pa (Maaaring gumamit ng sound effects para rito.).Hihinto ang pagkalat ng liwanag kapag tinamaan na nito ang mukha ni Ester.*

*Maaaninag na nakaupo si Ester (naka-preset siya) malapit sa mesa. Sa puntong ito ay mukha lamang niya ang malinaw na makikita ng manonood (dahil sa ilaw) samantalang nakakubli pa rin sa dilim ang ibang bahagi ng kaniyang katawan tulad ng mga nakatago ring detalye ng kusina. Mapapabuntong-hininga si Ester at dahan-dahang ililibot ang paningin sa paligid; malalim ang iniisip at tila may bumabagabag sa kaniyang kalooban.*

*Makaririnig ng mga kaluskos mula sa likod kasabay ng mahinang paghimig sa tono ng isang lumang awiting Kapampangan. Biglang tutunog ang pindutan ng ilaw at mabilis na kakalat ang manila-nilaw na liwanag (wangis ng liwanag mula sa mga lumang bombilya) sa buong entablado. Makikita si Ibyang na papasok sa kusina. Nakatalikod siya sa simula at yuyuko para kunin ang isang stainless na planggganang pinaglalagyan ng isang bagong katay ngunit nabalahibuan nang manok. Magugulat siya sa sandali ng kaniyang pagharap at pagkakita kay Ester.*

*Bahagyang magugulat din si Ester sa pagkagulat ni Ibyang pero mabilis lamang siyang mahihimasmasan dahil kabisado na niya ang kaibigan. Kalmado siyang tatayo at kukuha ng isang sartin ng tubig mula sa lumang tapayan habang dire-diretso lang sa pagsasalita si Ibyang.*

IBYANG: *(Halos mabitawan ang planggana kaya't agad itong ipapatong sa mesa.)* Aysusmaryosep-anak-ng-mahabaging-tokwa-santisimang-murit! Ba't ka naman nagtatago sa dilim, Ester? Dios co, kamuntik na akong mamatay sa takot! *(OA sa pag-aalala. Parang inaalta-presyon)* Naalala ko na naman tuloy si Indang Maring! Hindi ba't namatay iyon sa gulat! Ganito pala ang pakiramdam ng nasa bingit ng kamatayan, Ester! Ganito pala! Parang ako si ano, si Susan Roces! Do'n sa kwan, 'yong ano… 'yong pinanood natin dati sa sine—

ESTER: *(Iaabot kay Ibyang ang baso ng tubig)* Patayin sa Sindak si Barbara.

IBYANG:*(Kukunin ang baso)* Oo, 'yon!

ESTER: Sus! Di naman 'yon nakakatakot.

IBYANG:Anong hindi? Pagkatapos nga nating manood edi ka makaihing mag-isa. Pinatabi mo paakong matulog sa 'yo no'n, di ba?

ESTER: Mga teenager pa tayo noon, Ibyang. Di na 'yon nakakatakot ngayon.

IBYANG: Aba, matapang ka na pala ngayon, Ester? May dibidi riyan noong pelikula, sige nga't panoorin mong mag-isa.

ESTER: O s'ya, s'ya. Inumin mo na 'yang tubig at nang mahimasmasan ka nang kaunti.

IBYANG: *(Iinom at dagling makakalma)* Hay, kay sarap talaga ng tubig mula sa tapayan, ano, Ester? Iba ang lasa at lamig. *(Uubusin hanggang huling patak)* Di makuha ng pridyideyr.

ESTER: *(Uupo)* Ano, okey ka na?

IBYANG: *(Malambing)* Oo, Ester.*(Pupunta sa banggerahan yakap-yakap ang pinag-inuman.)* Salamat sa tubig ha.

ESTER: Ikaw naman kasi, Ibyang, ang OA mong magulat.

IBYANG: A, gano'n. Ako. Ako pa ang OA ngayon. E sino kaya ang ke aga-aga'y nagmumukmok na sa dilim? *(Matatawa)* Akala ko tuloy multo!

ESTER:*(Magdadrama)* Mukha na ba akong multo, Ibyang?

IBYANG: Sa dilim? Oo.

ESTER: *(Malungkot na magbubuntong-hininga)*

IBYANG: Dyusmiyo si Ester, di na mabiro! E kahit sino namang iupo mo sa dilim, mapagkakamalang multo. Ako nga, kahit maliwanag *(Itutuping palabas ang talukap ng mga mata)* basta ganito, mukhang multo! *(Tatakuting parang bata ang kausap)* Awooo, Ester, awoooo!

ESTER: *(Nagpipigil ng ngiti)* Ay naku, Ibyang, tigilan mo nga 'yan! *(Tatalikuran si Ibyang)* Ayoko ng ganiyang mata!

IBYANG: *(Ipagpapatuloy ni Ibyang ang pagbibiro kay Ester)* Akala ko ba'y matapang ka na?

ESTER: Ibyang!

IBYANG: Sus! Inuuban na'y matatakutin ka pa? Awooo!

ESTER: *(Matatawa na rin)* E ikaw, senior citizen na pero isip-bata pa rin!

IBYANG: *(Habang tumatawa)* Di ba't gayon talaga? Sabi nga nila, numero lang ang edad! *(Kuwaring haharapin ang paghiwa sa manok pero muling gugulatin si Ester)*Awoooo!

*Huhupa ang kanilang tawanan ngunitmapapansin ni Ibyang na maging ang ngiti'y dahan-dahang maglalaho sa mukha ni Ester. Ilalapag ni Ibyang mula sa planggana tungong sangkalan angmanok upang simulan ang paghihiwa. Wala sa loob na panonoorin siya ni Ester.*

IBYANG: Akala ko ba di ka magluluto ngayon?

ESTER: Hindi nga.

IBYANG: Ba't gising ka na?

ESTER: *(Magkikibit-balikat lang)*

IBYANG:Alam mo, ganiyan din ako e. 'Pag may nakasanayang gawin, kumikilos nang kusa ang katawan kahit ayaw ko.

ESTER: *(Mananatiling tahimik)*

IBYANG:O, e ano bang meron at ayaw mong ipagluto si Ces ngayon? Samantalang dati—

ESTER: Ayaw ko lang.*(Iismid)* At saka Ibyang, maaga naman talaga akong gumising di ba? Kung ayaw mong samahan kita rito, e di sige! Magdidilig na lang ako ng halaman.*(Aakmang paalis)*

IBYANG: *(Dagling pipigilan si Ester)* Dumito ka nga, Ester. Mahahamugan ka. Baka sipunin ka pa.

ESTER: Magpapandong ako.

IBYANG: Di pa tuyo.

ESTER: Nilabhan mo?

IBYANG: *(Guilty)* Oo.

ESTER: Agad?

IBYANG: *(Tatango)*

ESTER: Minsan ko pa lang nagamit 'yon a.

IBYANG: Ke minsan, ke marami. Basta't narumihan, nilalabhan ko. Alangan namang ipasuot ko pa sa iyo ang gamit na?

ESTER: Hay nako, Ibyang! Pinapagod mo ang iyong sarili.

IBYANG: Ano, ikaw ang maglalaba?

ESTER: Hindi.

IBYANG: Kitam?

ESTER: Pero tutulungan kita.

IBYANG:Naku, ‘wag na. Matapang ang sabon. Gagaspang ‘yang kamay mo.

ESTER: Okey lang.

IBYANG: Naku, hindi okey ‘yon. *(Magpupunas ng mga kamay sa saya bago maingat na tatanganan ang mga kamay ni Ester)* Masyadong malalambot at maninipis ‘yang mga kamay mo. Magsusugat. *(Biglang bibitawan ang mga kamay ni Ester)* Sayang.

ESTER: Ano naman?

IBYANG: Basta.

ESTER: ‘Yan ang hirap sa ‘yo, Ibyang, e. Sinasarili mo lahat ng mga gawain dito bahay.

IBYANG: Di ba nga’t ‘yon ang tungkulin ko?

ESTER: *(Maglalambing)* Ay, Ibyang! Hindi ka naman basta kasambahay rito. *(Lalapit kay Ibyang at idadantay ang ulo sa balikat nito)* Matagal na tayong magkasama’t magkaibigan. Dadalawa na nga lang tayo sa bahay e. Dapat, nagtutulungan tayo.

IBYANG: Talaga?

ESTER: Oo.

IBYANG: Kahit sa gawaing bahay?

ESTER: Naman.

IBYANG: O siya, sige. Halika na nga’t tulungan mo na ‘ko rito. Ako ang maghihiwa sa manok. Ikaw sa mga gulay. Tulad ng dati.

ESTER: *(Madrama at nakakunot-noong uupo)* Puwera ngayon.

IBYANG: Tingnan mo itong babaeng ito. Tulungan ha?

ESTER: *(Madramang tatalikuran si Ibyang.)*

IBYANG: *(Naghihiwa pa rin ng manok.)*Ilabas mo‘yan, Ester.Ano pa’t nabiyayaan ako ng Diyos ng tainga?Saka, mahirap ‘yang may kinikimkim. Baka bigla kang sumabog.

ESTER: *(Hindi kikibo. Pupunta siya sa may estante at kukuha ng mga piraso mula sa bungkos ng bawang at sibuyas-Tagalog.)*

IBYANG: Ay, gusto ko 'to. Hulaan. *(Susundan ng tingin ang kausap)* O, sige. Sige. *(OA sa panghuhula. Hahawakan ang magkabilang sentido.)*May tampuhan kayong mag-ina.*(Patlang)* Sino ang nauna?

ESTER: *(Kukuha ng kampit at haharap kay Ibyang)*

IBYANG: *(Ninenerbiyos na babawiin ang sinabi pagkakita kay Ester)* Siyempre, si Ces ang nauna.

ESTER: *(Babalik sa dating puwesto malapit sa mesa at magsisimulang dikdikin ang bawang gamit ang puno ng palad at kampit)*

IBYANG: Pero alam mo – hindi naman sa may pinapaboran ako sa mga anak mo ha–, pero 'yang bunso mo ang pinakamabait, ano? Kahit noong nag-eeskuwela pa siya, hindi ka niya binigyan ng sakit ng ulo.

ESTER: *(Padabog ang pagdiin ng kamay sa kampit na pinampipiga sa bawang)*

IBYANG: *(Magugulat)* Asusmaryosep! *(Biglang kakambyo sa sinasabi.)* Pero hindi mo man naitatanong e, nagbabago ang tao. Ang kaybait na musmos, puwede ring magdulot ng sakit ng ulo balang araw.*(Mapapatingin sa kausap at tatantiyahin ito bago sabihing—)* Ano ba kasi ang ginawa niya?

ESTER:*(Magbabalat ng sibuyas habang nagdadalawang-isip sumagot. Pabulong.)* May kasintahan na siya.

IBYANG: *(Di narinig si Ester)* Ano?

ESTER: *(Nagpipigil ng galit)* May kasintahan na siya.

IBYANG: *(Eksayted)*Talaga? May kasintahan na si Ces? Naku, salamat naman sa Diyos! E ano pang dinadrama-drama mo r'yan? Di ba't ito ang pinapangarap mo para sa bunso mo, ang magkapamilya na siya? Hay naku, Ester, biyaya ito!Madadagdagan na naman ang mga apo mo!

ESTER: *(Maggagayat ng sibuyas-Tagalog)*

IBYANG: *(Tuloy-tuloy lang sa ginagawa at pagsasalita. Hindi na hihintaying sumagot ang kausap)* Boypren daw ba ang kasama niyang uuwi mamaya? Kaya pala puro paborito ni Ces ang ihahanda! Manok na inadobo sa gata at suam na tulya– bihirang pagsamahin sa pananghalian pero alam mo naman 'yang anak mong 'yan, *kakaiba ang panlasa!*Buti na lang at may nakuha tayong tulya sa palengke, ano. *(Nag-aalala)*Kaso, wala pa tayong langka! Ispeysiyal rikwes pa naman ni Ces ang minatamis na langka. *(Maiinis)* Si Celso kasi e!Sabi ko na nga bang dapat ipinahatid na niya 'yonsa iba kahapon. Naluto ko na sana. Aba'y mamayang alas sais y medya pa raw dadalhin dine!

ESTER: Kahit huwag na niyang dalhin.

IBYANG: *(Magiging sensitibo sa drama ni Ester)* Ito naman! Huwag mo munang husgahan ang boypren ni Ces at hindi mo pa naman nakikita. Hayaan mo't mamaya, makikilates mo rin 'yon. Ang mahalaga ngayon, may kasintahan na ang iyong Ma. Celeste. *(Kinikilig)* Naku! Kailangan mo talaga akong tulungan. Masarap akong magluto pero mas malasa ang tinimpla ng ina para sa anak. Aba'y lalo pa ngayong makikilala mo na ang mamanugangin mo!

ESTER: *(Medyo nagdadabog bagaman tuloy pa rin sa ginagawa)*

IBYANG: Pero teka, ba't di ko ito alam? Kailan pa ba ito? *(Mapapahagikgik)* Naku, ang batang 'yon talaga, masyadong mapaglihim! *(Titingnan si Ester at dagling magpipigil ng kilig)* A, 'yon naman pala ang dahilan. Hindi ka agad nasabihan, ano? Alam mo, Ester, nauunawaan kita. Pero tiyak kong may magandang rason ang anak mo kung bakit di siya agad nagtapat sa iyo.  Ako nga ngayon e medyo nakakaramdam din ng tampo pero*(kikiliging muli)* mas nananaig pa rin ang kilig. Ano raw ba ang pangalan?

ESTER: *(Mabigat)* Anne.

IBYANG: *(Kinikilig at eksayted pa rin)*Anne? Anne. Kakaiba ang pangalan niya, ano? Parang pangalan ng babae—*(Matatauhan. Mapapadasal.)*Dyusko…

ESTER: *(Maiiyak sa galit habang padabog na nagagayat ng sibuyas)* Nagkulang ba ako, Ibyang? Ibinigay ko ang lahat ng pangangailangan niya! Alam mo 'yan. Alam ng Diyos 'yan. Busog si Ces sa mga pangaral tulad ng mga kapatid niya.

*Matataranta si Ibyang. Hindi niya malaman kung paano aaluhin si Ester. Kukuha siya ng tubig sa tapayan at iaalok sa kausap.*

ESTER: *(Histerikal)* Kasalanang lahat ito ni Hektor, Ibyang. Kung hindi agad siya namatay, baka hindi nagkaganiyan ang bunso ko.

IBYANG: 'Ku, maghunos-dili ka, Ester!*(Pabulong sa kawalan)* Ikaw naman kasi, Hektor, ba't ka nga naman agad namatay? *(Mapapaantanda ng krus at mapapausal ng dasal)* Ay naku, sori, Hektor! Sumalangit ka nawa. Sumalangit ka nawa.

ESTER: *(Iinom ng tubig)* Ba't di ko nakita, Ibyang? Mali ba ang pagpapalaki ko sa kaniya? Ano ba ang hindi ko nagawang tama't pinarurusahan ako nang ganito?

IBYANG: Wala kang kasalanan, Ester. Huwag ka ngang mag-isip nang ganiyan.

ESTER: Diyos ko, tinanggap ko pong lahat ng pagsubok ninyo pero pati ba naman ito? Ba't mo naman kami hinayaang malahian ng tomboy?

IBYANG: *(Kakabahan sa pagkakabanggit ng salitang tomboy at dagling iinumin ang tirang tubig ni Ester. Muling mapapadasal)* Aba po Santa Maria ng awa, kahabagan ninyo po kami…

*Mapapasigaw si Ester sa pagtama ng talim ng kampit sa kaniyang hintuturo.*

IBYANG: *(Magugulat)* Aro dios co, Ester! *(Titingnan ang sugat ni Ester)* Hugasan mo agad at baka maimpeksiyon pa!

ESTER: *(Matutulala sa dugong nasa kaniyang daliri. Umiiyak pa rin.)*

IBYANG: *(Papalatak habang inaakay si Ester pa-banggerahan. Huhugasan ang sugat.)*Hindi ka talaga dapat humahawak ng kutsilyo kapag umiiyak at di mo nakikita kung saan tatama ang talim. *(Sisipsipin ang dugo mula sa daliri sa pagitan ng bawat pagbabanlaw. Kukunin ang panyolito sa bulsa ng kaniyang pang-itaas at ipantatapal sa sugat.)* O, hawakan mong mabuti para maampatan ang pagdurugo.Kukuha lang ako sa loob ng ban-eyd.

*Akmang aalis si Ibyang subalit mag-aatubili siya sa paglabas kapag nakitang tulala at patuloy pa rin sa pag-iyak si Ester. Babalik siya sa tabi nito upang maakay paupo sa isang silya.*

IBYANG: Maupo ka nga muna, Ester, at mahihiluhin ka pa naman 'pag nakakakita ng dugo.*(Magbibigay muli ng isang basong tubig)* O ito, uminom ka ng tubig. Saglit lang at kukuha ako ng ban-eyd sa loob.

*Dagling aalis si Ibyang. Maiiwan si Ester na umiiyak pa rin. Ipampupunas rin niya ng luha ang panyolitong pinang-ampat ng dugo. Dadating si Ibyang bitbit ang first aid kit (kumpleto sa gamit). Maingat niyang lilinisin ng agua oksehenada at betadine ang sugat. Hahayaan lang siya ni Ester.*

ESTER: *(Tangan ang panyolito)* Naitabi mo pa pala ito.

IBYANG: *(Titingnan ang panyolito)* Oo naman. Aba'y pinaghirapan mong burdahin 'yan at nilagyan mo pa ng aking pangalan!*(Lalagyan ng band-aid ang nalinis nang sugat ni Ester.)* Akina't lalabhan ko mamaya para di manuot ang mantsa.

*Iaabot ni Ester ang panyolito na agad namang ibubulsa ni Ibyang sa kaniyang blusa.*

ESTER: *(Titingnan ang nasugatang hintuturo)* Hindi ko alam ang gagawin ko, Ibyang. Hindi ko akalain… *(Muling maluluha)*

IBYANG: Sigurado na ba?

ESTER: *(Tatango habang humihikbi)*

IBYANG: *(Mababalisa)* Dyos-por-santo, Ester…

ESTER: Kung natuklasan ko lang nang mas maaga, hindi na sana umabot sa ganito.

IBYANG: Kailan monga ba nalaman?

ESTER: Pagkatapos nating mamalengke. Kahapon.

IBYANG: Kahapon pa? Ba't di mo agad sinabi?

ESTER: Paano ko naman sasabihin ang ganito? *(Nandidiri)* Nakakahiya!

IBYANG: *(Hindi agad makakasagot si Ibyang)*A-ano bang sabi ni Ces?

ESTER: Ewan.

IBYANG: Paanong ewan?

ESTER: Ewan.

IBYANG: *(Babalik sa paghihiwa ng manok)* Aba, mahirap nga 'yan. Nagtatampuhan kayo dahil sa ewan.

ESTER: E hindi ko nga kasi siya maintindihan.

IBYANG: Hindi mo naintindihan? Pa'no ba kayo nag-usap?

ESTER: Tinawagan ko siya.

IBYANG: Sa selpown?

ESTER: Oo.

IBYANG: May signal?

ESTER: Oo.

IBYANG: Nagkarinigan kayo't nagkausap?

ESTER: Oo.

IBYANG: O ba't di kayo nagkaintindihan?Ay, masisiraan nga naman ako ng bait sa inyong mag-ina—

ESTER: *(Mapipika)* Ibyang! Babae ang kasintahan ni Ces! Pumatol sa to—*(Hihinaan ang boses)* Pumatol sa tomboy ang anak ko! Tomboy si Ces! Paano ko maiintindiihan 'yon?

IBYANG: *(Mapapatahimik)*

ESTER: Ayaw kong maintindihan! *(Nag-aalala't nahihiya)* Dyusko, ano na lang ang sasabihin ng mga kapitbahay?

IBYANG: *(Masasaktan sa pandidiri ni Ester pero ikukubli ito. Tahimik na pupunta sa kalanan at magpaparingas. Mag-iisip.)* Ay, Ester, natatandaan mo si Tsong, 'yong anak ni Aling Ida?Napakapogi at napakabait. Ang husay pang kumanta.

ESTER: Bakla 'yon.

IBYANG: Oo nga.

ESTER: E ba't mo na nirereto kay Ces?

IBYANG: Hindi ko naman nirereto. Ito talaga. Di ba nga't sila ni Rener,'yong beterinaryo sa bayan? *(Lilingunin ang kausap)* Pero tingnan mo, Ester, wala kang maririnig na masama tungkol sa kanila. Mahusay silang pinakikitunguhan.

ESTER: Sus, di lang natin alam pero pinagtsitsismisan din 'yang mga 'yan.

IBYANG: E ang sabi mo nga dati, di dapat pinapansin ang tsismis. Mga kuwento lang 'yon ng mga naiinggit at naninira.

ESTER: Siyempre sinabi ko 'yon dahil ibang tao ang pinag-uusapan. Paano kung si Ces na?

IBYANG: *(Biglang maa-agitate)* Aba, kakaliskisan ko ang dila ng sinomang tukmol na maninira kay Ces!

ESTER: Tadtarin mo rin pagkatapos!

IBYANG: *(Gigil na magtatadtad sa sangkalan)* Kasabay ng siling labuyo! Tingnan ko lang kung hindi malapnos ang lalamunan niya sa anghang kapag pinalunok ko na ang kinilaw niyang dila.

ESTER: Nakakatakot naman 'yan, Ibyang.

IBYANG: Kulang pa 'ka mo! Aba, hindi ako papayag na may mangtsitsismis kay Ces!

ESTER: Paano kung totoo?

IBYANG: Ang alin?

ESTER: Ang tsismis?

IBYANG: *(Galit ala-Katipunera)* Ay, bibirahin ko ang sinomang may makating dila!

ESTER: Mang-aaway ka pa rin kahit alam mong totoo?

IBYANG: *(Hindi matitinag)* Hindi. Pero hindi rin ako papayag na pinagtsitsismisan ang anak mo.

*Sandaling katahimikan.*

ESTER: *(Magi-guilty. Titingnan si Ibyang)*Gusto ko ring ipagtanggol si Ces, Ibyang. Pero paano ko gagawin 'yon kung ako mismo, tutol sa ginagawa niya?

IBYANG: *(Iiwas sa tingin ni Ester. Biglang sisibol ang lungkot. Patlang.)*Naaalala mo noong nagtanan kayo ni Hektor?

ESTER: *(Pupunta sa kalanan at papaypayan ang uling hanggang sa magbaga)* Paano ko malilimutan e halos itakwil mo ako noon bilang kaibigan.

IBYANG: *(Pupunta sa banggerahan para maghugas ng bigas)*

ESTER: *(Bahagyang mangingiti. Susundan ng tingin si Ibyang)* Pero ipinagtanggol mo pa rin ako.

IBYANG: May tiwala naman kasi ako sa 'yo, Ester. Igagalang ko anuman ang mapagpasyahan mo kahit…*(magbubuntong-hininga)* kahit hindi ako sang-ayon kung minsan.

ESTER: Kung di mo 'yon ginawa, Ibyang, malamang tuluyan na akong itinakwil ni Ima.*(Patlang)* Salamat ha.

*Pipiliting ngumiti ni Ibyang bago humarap kay Ester. Kukunin naman ni Ester kay Ibyang ang kalderong may bigas at isasalang sa kalan. Matatawa si Ester sa mga nagbabalik na alaala.*

ESTER: Hay nako, di pa rin ako makapaniwalang kinampihan mo ako noon. Paano'y inis na inis ka kay Hektor.

IBYANG: *(Pabulong)* Talaga.

ESTER: Kahit anong paliwanag ko, ayaw mo pa rin sa kaniya.

IBYANG: *(Kukunin sa eskaparate ang mga sangkap na gagamitin sa inadobo sa gata)*

ESTER:Kaya tinanggap ko na lang na di talaga kayo magkakasundo ng asawa ko.

IBYANG: *(Gagawing abala ang sarili sa pagsasalansan ng mga sangkap sa mesa.)*

ESTER:Di natin napag-usapan 'yon 'no? *(Hahawakan si Ibyang sa balikat)* Kung bakit ayaw mo si Hektor para sa akin?

IBYANG: *(Iiwasan si Ester)* Ay, mag-iisang dekada na ngang ala 'yong tao. Kailangan pa bang pag-usapan?

ESTER: Hindi naman. *(Tutulungan si Ibyang sa pag-aayos ng mga sangkap)* Pero siyempre, kahit papa'no, interesado akong malaman.

IBYANG: 'Wag na't di mo maiintindihan.

ESTER: Bakit naman hindi?*(Mapapansing wala pang suka)* Wala pang suka, Ibyang.

IBYANG: *(Kukunin ng suka)* Kumplikado.

ESTER: Subukan mo ako.

IBYANG: *(Seryosong titingnan si Ester pagkatapos ay iiling.)*

ESTER:Oy, ang daya mo ha!Ni minsan, wala akong itinago sa 'yo.

IBYANG: *(Ngingiti lang. Nagpapapilit. Kukuha ng puswelo at huhugasan sa banggerahan)*

ESTER: Ibyang, 'wag kang ganiyan! Sabihin mo na. *(Kikilitiin si Ibyang)*

IBYANG: Ay! Ay! Naku, Ester, huwag diyan! *(Bibigay kaagad)* Oo, sige-sige na! Sasabihin ko na. *(Humahangos na ilalapag ang puswelo sa mesa, magpupunas ng kamay sa saya, at magbubutong-hininga.)* Pomada.

ESTER: Pomada?

IBYANG: *(Tatango)*

ESTER: *(Sa sarili)* Mahilig ngang magpomada si Hektor noon… *(Titingnan si Ibyang. Hindi makapaniwala)* Kamuntik nang masira pagkakaibigan natin, Ibyang, dahil sa pomada?

IBYANG: Sinabi nang di mo maiintindihan.

ESTER: *(Matatawa)* Pero 'yon ang uso noon.

IBYANG: Alam mo namang di sumusunod sa uso itong ilong ko. Masyadong maselan.

ESTER: Akala ko pa naman… *(Mapapahagikgik)* Akala ko pa naman, lihim mong itinatangi si Hek—

IBYANG: Oy, hindi a! *(Ibubuhos sa pomada ang naipong selos at inggit kay Hektor)* Hindi ko nagustuhan si Hektor. Kahit kailan! Dyusme, araw-araw na lang – ke may okasyon, ke wala –, palaging nanggigitata sa pomada ang ulo! Kaya tuloy kapag tirik ang araw, sumasabaw! Ay-dyus-kong-mahahabagin, hindi naman bagay!*(Diring-diri)*Nakasusulasok pa ang amoy.

ESTER: *(Medyo matatawa)* Kung sa bagay, ako rin minsan, hindi ko matiis.

IBYANG: Kitam?

ESTER: Kaya ngapinagsabihan ko si Hektor, di ba? At hindi na siya ulit nagpomada mula noon. Pero di mo pa rin siya gusto para sa akin.

IBYANG: *(Depensibo)* Siyempre, nasanay na akong iyon ang amoy niya kaya kahit naiisip ko lang siya, nahihilo pa rin ako.*(Kunwaring nahihilo)* Parang ngayon—

ESTER: *(Kunwang nasaktan)* Sobra ka.

IBYANG: *(Dagling aaluhin ang kaibigan)* Ito naman! Naging magkaibigan din kami ng asawa mo kahit papaano, di ba?

ESTER: *(Nagtatampu-tampuhan)*

IBYANG: *(Magbubuntong-hininga. Sasabihin ang mga gustong marinig ni Ester)* Mabait naman kasi.

ESTER: *(Unti-unting mababawasan ang tampo)* Napakabait.

IBYANG: Inaruga ka niyang mabuti.

ESTER: *(Mapapangiti)* Higit pa sa hiniling ko.

IBYANG: At masaya ka sa pagsasama ninyo.

ESTER: *(Tuluyang malilimutan ang pagtatampo)* Tama na, Ibyang. Ayaw ko nang maluha.*(Magdadrama)* Sa ganitong pagkakataon ko lalong pinananabikang makapiling muli si Hektor. Lagi niyang alam kung ano ang dapat gawin. Kapag may problema, parati siyang may maihahaing solusyon. *(Buntong hininga)* Halos mawalan ng direksiyon ang buhay ko nang mawala siya, Ibyang.

IBYANG: *(Magpipipi ng luya para sa suam pero patuloy pa ring makikinig)*

ESTER: Lalo na ngayon. May kani-kaniyang pamilya na ang dalawanganak ko kaya tuwing may okasyon na lang kung dumalaw rito. Buti nga't buwanan pa kung umuwi si Ces… *(Mababalisa)* Ay, ang bunso ko.Di ko alam kung ano ang nagawa ko para gantihan niya ako ng ganito. *(Kay Ibyang)* Buti na lang at nariyan ka para panatilihin ang aking katinuan.

IBYANG:*(Mapapasinghap sa kilig. Marahang lilingunin ang kausap)* Huwag kang mag-alala, Ester, at hindi kita iiwan.*(Patlang. Dagling aabalahin ang sarili)* Naku, tama na nga 'yan! Halika na rito at nang makita mo kung tama ang ginagawa kong inadobo sa gata.

ESTER: *(Matatawa)* Naku, naman itong si Ibyang, oo! Parang hindi alam ang iniluluto.

IBYANG: Aba, mabuti na ang sigurado. Di hamak na mas masarap ang timpla mo kaya dapat, 'yon ang gamitin nating sukat.

ESTER: *(Kuwanring napipilitan)* O s'ya. S'ya. *(Pupunta sa estante para kunin ang lumang palayok)* Itong palayok ang gamitin natin. *(Babanlawan)* Dito pagsama-samahin ang mga sangkap.

IBYANG: *(Matutuwa sa tagumpay na mapagluto si Ester)* Ay, oo nga! Di ko agad naisip.*(Agad ilalagay ang mga piraso ng manok sa palayok)*

ESTER: Gaano ba karami 'yang manok?

IBYANG: Isang buo.*(Tatantiyahin ang bigat ng palayok)* Mga isang kilo lang ito.

*Babanggiting isa-isa ni Ester ang bawat sangkap na agad namang ihahanda at ilalahok ni Ibyang sa timplada.*

ESTER: Toyo.

IBYANG: *(Magbubuhos ng toyosa palayok)*Gaano karami?

ESTER: *(Tingin ang gagamitin sa pantantiya)* Ayan, tama na 'yan. Suka naman.

IBYANG: *(Magbubuhos ng suka sa palayok)*

ESTER: *(Marahang tatapikin ang kamay ni Ibyang)* Okey na 'yan.Heto ang bawang. Nadikdik ko na kanina. Itong natira, para sa suam na tulya mamaya.

IBYANG: *(Ilalagay ang bawang)* Luya, siyempre. Pampatanggal ng lansa. *(Aabutin ang gayat na luyang nakabanda kay Ester)*

ESTER: Ay, Ibyang, pakiabot naman 'yang paminta.

IBYANG: Asan?

ESTER: Ako na.

*Aabutin ni Ester ang pakete ng pamintang nasa gilid ni Ibyang. Bahagyang madadagi ng braso ni Ester ang dibdib ni Ibyang. Mako-conscious si Ibyang samantalang di man lang napansin ni Ester ang nangyari.*

IBYANG: *(Hahawakan ang makabilang suso)* Suso ng susô! Ester, 'yang braso mo!

ESTER: Bakit? *(Mapapalingon kay Ibyang habang nagdidikdik ng paminta)* Oy, Ibyang, di tayo talo! Si Celso lang ang mag-iinteres diyan. *(Itutuloy ang ginagawa)* May laurel pa ba tayo?

IBYANG: *(Mag-aayos ng sarili, bagaman conscious pa rin, bago lumapit sa estante)* Marami pa.

ESTER: Pahingi naman ng isang maliit na dahon. A, pati na pala ang asin.

*Bitbitni Ibyang ang mga sangkap sa isang kamay samantalang nakayakap naman sa dibdib ang isa pa.*

ESTER:*(Matatawa si Ester pagkakita kay Ibyang)*Ano ka ba! Meron din ako niyan.

IBYANG: *(Matatawa rin sa sarili. Ilalapag sa mesa ang mga rekado)*Aba'y malay ko ba kung gusto mo pa ng isang pares!

ESTER: Ibyang! *(Matatawa)* Eskandalosa kang talaga!

IBYANG: *(Matatawa na rin)*

ESTER: *(Ilalagay ang mga kulang pang sangkap sa palayok)* Maliit na dahon ng laurel at isang kurot ng asin.*(Lalamas-lamasin ang manok at timpladang nasa palayok)* Hahayaan muna nating nakababad ang manok ng kalahating oras.

IBYANG: Di ba natin lalagyan ng sili?

ESTER: Oo nga pala. Dalawang piraso.

IBYANG:Gaano kanipis ang gayat?

ESTER: Huwag mo nang gayatin. Pakitanggal na lang ang mga buto para wag namang matabunan ng anghang ang ibang lasa. At saka, banayad lang ang anghang na gusto ni Ces… *(Muling mababalisa)*

IBYANG:*(Ilalagay ang sili sa palayok habang nakikiramdam kay Ester.)*

ESTER: Hindi na ako mahal ng anak ko.

IBYANG: *(Sa sarili)* Heto na naman po tayo…

ESTER: Masyado siyang makasarili!

IBYANG: Wag mong sabihin iyan, Ester, at hindi pa naman kayo nagkakaharap.

ESTER: Wala siyang pagpapahalaga sa damdamin ko.

IBYANG: *(Mahinahon)* E paano naman ang damdamin ng anak mo?

ESTER: Mali ang nararamdaman niya.

IBYANG: *(Pabulong)* Para sa iyo.

ESTER: Ano ang ibig mong sabihin?

IBYANG: Wala.

ESTER: Meron e. Hala, sige. Gusto kong marinig.

IBYANG:Ang pinupunto ko lang, hindi porke't masakit para sa iyo ang desisyon ni Ces ay hindi ka na niya pinahahalagahan. Maaaring iba lang talaga ang tanaw niya sa pag-ibig—

ESTER: Kailan ba naging tamang magmahalan ang parehong babae?

*Hindi sasagutin ni Ibyang ang tanong. Sa halip ay kukuha siya ng malinis na planggana at ilalagak doon ang palayok.*

IBYANG: Matibay rin ang palayok na ito, ano? *(Lalagyan niya ng tubig ang planggana hanggang umabot sa leeg ng palayok.)* Marami nang pinasarap na luto. Sabi nga ng Ima mo, hindi lang daw sangkap ang nagdadala ng linamnam sa ulam.

ESTER: Pati ang pinaglulutuan.

IBYANG: Doon ito mahusay. Laging binabagayan ng singaw ng palayok ang lasa ng anumang timplada. Pero di pa rin tayo makasisigurong maiibigan ito ng sinomang titikim.

ESTER: *(Mananatiling tahimik.)*

IBYANG:Siguro'y gayon din sa pagmamahal, Ester. Magkakaiba ang panlasang mga pusong umiibig.

ESTER: Di ko alam, Ibyang. Naiintindihan ko naman iyang binabanggit mo pero kapag naiisip ko na si Ces at 'yong Anne na 'yon, gusto kong magwala!

IBYANG: Kaya nga sana'y makapag-usap kayo ng anak mo. Si Ces lang ang makapagpapaliwanag ng desisyon niya.

*Kukuha si Ibyang ng nabiyak nang niyog at pupuwesto sa kudkuranna malapit sa tapayan. Sisimulan niya ang pagkukudkod. Maririnig ang pagkulo ng sinaing.*

IBYANG: Ay, ang sinaing! Teka… *(Dahil sa katandaan, di agad makakatayo mula sa kudkuran)*Aro-tak-nay-danang-gulut-ay-ini!

ESTER: Dahan-dahan lang! *(Alalang-alalang tutulungan sa pagtayo si Ibyang)*Ako na ang kukuha ng sabaw ng sinaing. *(Kukuha ng tatlong puswelong am at isasalin sa isang lalagyan. Magsasalang ng kaserola sa isa pang kalan, at mag-iinit ng mantika.)*

IBYANG: *(Mag-iinat-inat habang nasa balakang ang isang kamay)* Ba't ba napakasakit tumanda, Ester?

ESTER: *(Matatawa lang kay Ibyang)* Nasaan pala ang tulya natin?

IBYANG: Sandali't kukunin ko.

ESTER: Ako na.

IBYANG: Ako na. *(Lalabas sa pinto sa likod)* Kanina ko pa iyon ibinabad sa may poso.

*Makikitang nalilibang na si Ester sa pagluluto na tila ba nalimutan na ang isyu sa anak. Igigisa niya ang bawang, luya, at sibuyas habang hinihintay ang tulya. Titimplahan niya ito ng patis at saka ibubuhos ang sabaw ng sinaing.*

IBYANG: *(Papasok muli si Ibyang dala ang malinis nang tulya.)*

ESTER: *(Titikman ang sabaw)* Ibyang, tikman mo nga ang alat. *(Sasalok nang kaunti at ipahihigop kay Ibyang)*

IBYANG: *(Mapapaso)*Dios co, kapali!

ESTER: Pasensiya na. *(Hihipan ang sabaw sa hawak na sandok habang tinitikman ni Ibyang. Maglalapit ang kanilang mga ulo.)*

IBYANG:Ang husay mo talaga, Ester! Nahuli mo na naman ang timpla! Paano moba ginagawa 'yan?

ESTER: Sus, bolera! *(Babalikan ang suam)*

IBYANG: O, heto. Ibubuhos ko na. *(Dahan-dahang ilalagay ang tulya sa kaserola)*Narito na rin ang dahon ng sili. Kapipitas lang.Sariwang-sariwa. Ilagay natin kapag kumukulo na ang suam. *(Babalik sa pagkukudkod)*

ESTER: *(Aasikasuhin ang mga nakasalang.)* Ikaw, Ibyang, ba't di ka nag-asawa? Marami ka namang manliligaw noon. *(Ngingiti)* Mas marami pa sa akin.

IBYANG: *(Mag-aalangan sa pagsagot)* Ay wala akong natipuhan.

ESTER: Hindi ka ba nanghihinayang?

IBYANG: Saan?

ESTER: *(Magkikibit-balikat)* Sa buhay-may-asawa.

IBYANG: *(Kunwaring naiinggit)* Alam mo noon, sa tuwing nakikita ko kayo ni Hektor na magkasama, nagtatawanan, naglalambutsingan… *(Magbabago ng tono at sabay sa pagkudkod ang pagbitaw ng mga salita)* tapos biglang mag-aaway, magbabati, at mag-aaway na naman— naisip kong *(Mapapangiti)* buti na lang hindi ako nag-asawa.

ESTER: Ay naku, Ibyang, lahat na lang, ginagawa mong biro!

IBYANG: E totoo naman e.Away-bati nang away-bati. Tapos, palagi kang tumatakbo sa aking umiiyak. Pero mababaliktad ang mundo sa kaunting lambing lang ni Mr. Pomada. Daig ninyo pa ang mga tinamaan ng lintik sa pagkabaliw!

ESTER: Masarap naman ang kabaliwang gayon, Ibyang! Hindi mo lang nalalaman dahil di mo pa nasusubukan!

IBYANG: *(Sa sarili)* Ay, Ester, di mo lang alam, matagal na akong baliw.

ESTER: *(Sisimulan ang paglilinis ng mesa)*E ikaw naman kasi, ba't di mo pa sagutin 'yang si Celso. *(Matatawa)* Napakasugid manligaw! Tumanda na't lahat, naghihintay pa rin d'yan sa minatamis mong "oo."

IBYANG: Mamamatay siyang hindi ako natitikman!

ESTER: Bahala ka. Papanaw ka ring hindi nakakatikim!

IBYANG: Wala akong pakialam. Masaya ako sa mga niluluto *natin* dito sa kusina. At saka, matagal ko na siyang tinapat, ano!

ESTER: Napakarahas mo talaga sa damdamin ni Celso!

IBYANG: May sa-masokista yata siya't hukluban na'y umaasa pa rin. *(Matatawa sa sarili)*

ESTER: *(Matatawa rin)* May kinakanta ka sa kaniya dati e. Ano na nga 'yon? 'Yong tungkol sa dalagang ayaw mag-asawa?

IBYANG: *(Kakantahin)*"Pipilit mu nang pipilit/Ing sinta mung macabuwisit/Gugut-gutan mu cu isip/Sisiran mu cu matulid/ Sinabi cu na ta queca/Qng ecupa maquisawa/Muli cu pa carin banua/Sumulud cung dela rosa/Pangaras cu naman carin/Misulud cung dela Carmen/Carin cumo manalangin/Arapan nang nona birhen"

ESTER: *(Matatawa lang)*

IBYANG: Napakakulit kasi! Pilit nang pilit e sinabi na ngang di ako mag-aasawa. Aba'y ayaw ba namang maniwala. Ang sabi pa'ymaghihintay raw siya kahit habambuhay!

ESTER: At ginagawa naman niya.

IBYANG: Hindi ako natutuwa.Ikaw ba, matutuwa sa gano'n?

ESTER: Hindi ko alam.

IBYANG: Susmaryosep, mabubuwisit ka! Sinasabi ko sa iyo.*(Tatayo upang pigain ang gata ng kinudkod na niyog. Tutulungan siya ni Ester sa pagtayo.)* Kamukat-mukat mo niyan, ako pa ang masisisi kung bakit naging miserable ang buhay niya e samantalang pinili naman niya iyon. Hindi kasi nakinig.

ESTER: Hay*,* kawawang Celso!

IBYANG: Simple lang naman ang punto ko, Ester. Kailangang pinakikinggan at iginagalang ang saloobin at kapasyahan ng bawat isa. Kung hindi tumugma ang naisin ng isa sa isa, huwag ipipilit.

ESTER: *(Magbubuntong-hininga)* Si Ces na naman ba ito?

IBYANG: Hindi. Tungkol ito sa akin, Ester. Si Celso kasi, di ba, hindi marunong makinig. Hindi niya inirerespeto ang desisyon ko, at ipinipilit pa rin ang buhay na gusto niya para sa akin. Iba iyon sa gusto kong buhay. *Wala* siyang papel sa nais kong buhay. *(Marseseryoso at tila nangangarap)* Ang gusto ko, sabi nga roon sa kanta, umuwi sa langit at magsusuot ng dela Carmen. At doon ako magdarasal *(Titingnan si Ester nang buong pagmamahal)* sa harap ng mahal na Birhen.

*Mapapatingin kay Ibyang si Ester at mahuhuli niya itong nakatitig sa kaniya. Magbabago ang ekspresyon sa kaniyang mukha at uusbong ang kaunting pagdududa.*

IBYANG: *(Kinakabahang iiwas ng tingin at agad na aabalahin ang sarili sa pagpiga ng kakang-gata.)* Naku, nasaan na ba si Celso? Hihimayin pa ang langka.Hindi puwedeng wala tayong minatamis na langka at paborito ni Ces 'yon.

ESTER: Pareho kayo ni Ces, ano?

IBYANG:*(Defensive)* H-hindi a! Di ako katulad ni Ces! Teka, ano bang ibig mong sabihin?

ESTER: *(Marahang babalikan ang nilulutong suam)* Pareho ninyong paborito ang langka.

IBYANG:L-langka? *(Mahihimasmasan)* Ay, oo naman. Pareho naming paborito 'yon. *(May duda kung totoo nga bang nakalusot siya. Pupunta sa banggerahan upang iligpit ang sapal ng niyog.)*

ESTER: Masarap namang talaga ang langka pero ang hindi ko makuha ay kung bakit humaling na humaling kayo roon.

IBYANG: Alam mo, Ester, hindi lang 'yon dahil sa lasa. Nakakatakam kasi ang mismong paghihimay.*(Parang natatakam sa nai-imagine niyang langka. Imomonstra ang mga sasabihin)*Iba kasi 'yong banayad na pagsabog ng matamis na amoy kapag hinihiwa na ang bunga. Lalo na kapag hinihimay na ang langka. Naglalaban ang dulas ng mantika sa kamay at lagkit ng laman ng langka.'Pag pumagitan na ang mga hibla saaking mga daliri... Naku, para bang gusto ko na lang itong kaininagad-agad!

ESTER: Hindi ko gusto ang lagkit ng dagta.

IBYANG: Kaya nga nilalangisan muna ang mga kamay.

ESTER: Nanghihinayang ako. Tuwing may langka lang napapadpad sa kusina si Ces. Pero dahil ayaw ko ng lagkit, hindi ako nakikihimay. Kung sinunggaban ko lang ang *lahat* ng pagkakataong puwede kaming nag-usap bilang mag-ina, disinsana'y nahuli ko siya agad. Baka napigilan ko pa ang pagpatol niya sa Anne na 'yon!

IBYANG: O baka naman mas maiintindihan mo sana ang naging desisyon niya ngayon.

ESTER: *(Guilty)* Naiinggit ako sa iyo, Ibyang. Kung ipagtanggol mo si Ces, parang mas nanay ka pa niya kaysa sa akin. *(Muling mababalisa)* Ibyang, wala ba talaga siyang nabanggit sa iyo?

IBYANG: Ililihim ko ba naman kung mayroon?*(Biglang mapapaisip)*Teka, ngayong naitanong mo, parang may naaalala ako—

ESTER: *(Agitated)* Sinasabi ko na nga ba! Nagkukuntsabahan kayo ano? Anong sabi ni Ces?

IBYANG: Kung makapamintang naman ito! Wala siyang sinabi. May napansin lang ako.

ESTER: *(Mahihiya)*

IBYANG: Naibida ko na ito sa 'yo dati e.

ESTER: Ikuwento mo na lang ulit.

IBYANG: Di ba, noong ikasal ang ate niya, may bisitang binatilyo ang manugang mo. Dahil pogi, tinukso natin kay Ces. Inis na inis ang bunso mo!

ESTER: *(Patango-tango)*Oo, natatandaan ko.

IBYANG:Atnoong minsang nagpapakain ako ng pusa d'yan sa likod, naabutan ko siyang may kausap sa selpown. *(Imomonstra ang sasabihin)* Nakangisi, pabulong-bulong, at namimilipit-lipit pa sa pagpipigil ng hagikgik! *(Kay Ester)* Aba'y ikaw na ikaw noong umaali-aligid sa 'yo si Hektor!

ESTER: Parang may kasintahan.

IBYANG: Oo. Kaya nga nang magkaroon ng pagkakataon, tinanong ko agad kung sino ang kausap. E ngumiti lang.

ESTER: 'Yun na 'yon!

IBYANG:Kaya pala inis na inis, sus, may boypren na!

ESTER: Ikaw pala ang dapat sisihin, Ibyang, e!

IBYANG: Ba't ako? Ano na naman ang ginawa ko?

ESTER: Sinabi-sabi mong may "boyfriend" e girlfriend naman pala!

IBYANG: Malayko bang babae 'yon. Di ko naman nakita.

ESTER: Inakala ko pa namangmay mag-aalaga na kay Ces 'pag wala na ako.

IBYANG: Mukha namang aalagaan siya—

ESTER: *(Titingnan nang masama si Ibyang)*

IBYANG: *(Iiwas ng tingin)* Sinabi kasi ni Ces na napakabait at mapag-aruga ng kausap niya. Damang-dama ko namang napapasaya nito ang bunso mo. Kaya naisip kong aalagaan naman siguro siya niyon.

ESTER: *(Magtataas ng boses)* Ibyang, ano ka ba? Di mo pa nga nakikilala, ipinagkakatiwala mo na agad si Ces? Baka halimaw 'yon at ginayuma ang anak ko o kaya ipinakulam kaya naloko sa Anne na 'yon!

IBYANG: *(Mahinahon lang)* Pero malayrin natin, baka mahal nilang talaga ang isa't isa.

ESTER: Teka lang ha. Bakit ba kanina mo pa sila kinakampihan ha, Ibyang?

IBYANG:Wala akong kinakampihan. Ang sinasabi ko lang ay pabayaan natin silang ipahayag ang nararamdaman nila. Kung magkamali sila, hayaan natin silang matuto. Kung tama sila, e di tayo ang matuto sa kanila.

ESTER: Saan mo ba pinaghuhuhugot 'yang mga sinasabi mo, Ibyang? Tayo dapat ang magkakampi rito.

IBYANG: Alam mo, Ester, higit kanino pa man, ikaw dapat ang nakauunawa sa anak mo. Hindi ba't ganyan din ang pinagdaanan ninyo ni Hektor?

ESTER: Iba ang sa amin ng asawa ko.

IBYANG: *(Matatawa)* Kung nakita mo lang ang reaksiyon ng Ima mo noong nagtanan kayo. Iyan! Ganyang-ganyan. Galit na galit dahil pakiramdam niya'y pinagtaksilan siya't di nasunod ang gusto niya para sa iyo.

ESTER: *(Mas madiin)* Iba ang sa amin ni Hektor.

IBYANG: Sus, pareho lang iyon sa akin.

ESTER: Lalaki si Hektor! Kahit nagalit kayo sa simula, natural lang na tanggapin ninyo pa rin kami dahil *normal* ang pagmamahalan namin.

IBYANG: *(Masasaktan sa narinig. Mapapataas ang boses)* Pero hindi lang ganyan ang uri ng pagmamahal, Ester! Marami pang iba.

ESTER:*(Sandaling matitigilan)* Tapatin mo nga ako, Ibyang. May itinatago ka ba?

IBYANG: *(Kakalmahin ang sarili. Agad pupuntahan ang mga nakasalang at bubuksan ang takip ng suam)* Aysus! Bumuka na pala itong mga tulya.*(Lalanghapin bago hanguin)*Aro, kanyaman!

ESTER: Ibyang—

IBYANG:*(Hindi papansinin ang pagtawag ni Ester)* At itong kanin, inin na rin. 'Ku, tamang-tama. Palalamigin ko muna at nang maisangag. Gustong-gustong ipares ni Ces ang adobo sa sinangag!*(Hahanguin mula sa kalan ang kanin)*

ESTER: Ibyang, ano ba?

*Sandaling matitigilan si Ibyang. Aayusin niya ang kalan, magdadagdag ng uling, at isasalang ang palayok ng inadobo sa gata.*

IBYANG:Wala kang dapat ipag-alala sa kinabukasan ni Ces, Ester.

ESTER: Anong wala? Pagtanda niya, sino ang makakasama niya? 'Yon? 'Yong Anne na 'yon? *(Mapapagod sa pagpapaliwanag)* Maling-mali, Ibyang. Hindi siya kayang alagaan ng babaeng iyon!

IBYANG:*(Mahinahong haharapin si Ester)* Bago at pagkatapos dumating ni Hektor sa buhay mo, babae ang nag-alaga at patuloy na nag-aaruga sa iyo.

ESTER:*(Sisibol ang pagdududa)* Ano ba 'yang pinagsasasabi mo?

IBYANG:Isipin mo ngang mabuti, Ester.

ESTER:*(Maguguluhan)* Tayo ba ang tinutukoy mo?

IBYANG: Sino ba ang katuwang mo noon? Hanggang ngayon?

ESTER: *(Maluluha)* Walang namamagitan sa atin, Ibyang.

IBYANG: Malinaw sa akin 'yon. *(Pipigilin ang luha)* Kaya nga, Ester, wala kang dapat ipag-alala sa kinabukasan ni Ces. Kung sa hinaba-haba ng panahon ay nakaya nating maging magkatuwang nang walang namamagitang anuman liban sa— *(Bahagyang matitigilan)*L-liban sa pagkakaibigan, sila pa kayang nagmamahalan?

ESTER:*(Hindi makasasagot)*

IBYANG:*(Magbubuntong-hininga)* Manang-mana talaga sa iyo 'yang bunso mo. Matapang at may paninindigan.*(Ngingiti)* Sana ay maibigay mo rin sa kaniya ang pagkakataong natanggap mo noon.

*Sandaling katahimikan.*

IBYANG: *(Aabalahing muli ang sarili habang nagpipigil ng luha.)* Naku, itong si Celso talaga, hindi mapagkakatiwalaan! Teka nga't ako na ang pupunta sa kanila para kuhanin ang langka. *(Akmang lalabas)*

ESTER: *(Pipigilan si Ibyang)* Ibyang, 'wag kang umalis—

IBYANG: *(Matitigilan)*

ESTER:Hintayin na lang natin. *(Titingnan si Ibyang pero agad ding iiwas)* Parating naman na siguro iyon. A-at saka ang dami-daming ginagawa rito, iiwan mo ako?

IBYANG: *(Tahimik na titingnan si Ester)*

ESTER:*(Mag-aayos ng sarili at ngingiti)* Halika, tulungan mo akong maghanda.

IBYANG: *(Pipigilin ang pagkatakam sa paborito niyang minatamis na langka)*

ESTER: *(Pupunta sa may eskaparate para kumuha ng tatlong malalaking garapon)*Sa tingin mo, ilang garapon ang magagamit natin?Tama na ba ito?

IBYANG:*(Nagpapapilit pero bibigay rin pagkakita sa mga garapon)* Tiyak na matutuwa si Ces nito.

ESTER:*(Pipiliting ngumiti)*

IBYANG:*(Magdadalawang-isip sa sasabihin pero itutuloy na rin)* E ang bisita kaya?

ESTER: Bisita?

IBYANG: 'Y-yung bisita ni Ces? Magugustuhan din kaya niya ang mga ito?

ESTER: *(Titigas ang mukha at magbubuntong hininga)* Matatakot 'yon. At saka, kakabahan.

IBYANG: *(Matitigilan)*

ESTER: *(Medyo lulumanay ang boses)* Pero kapag naamoy na niya itong mga ihinanda natin—

IBYANG: Siguradong lalabas ang katakawan! Naku! Ako nga, kung hindi lang dahil kay Ces, kanina ko pa ito nilantakan.

ESTER: Ikaw talaga! Lagi mo akong binibiro!

IBYANG: Sus, di ka na nasanay.

ESTER: Halika na nga. Nasaan ba ang asukal?

*Kukunin ni Ibyang ang mga nakasupot na asukal. Magpapatuloy ang masayang pag-uusap at pagbibiruan ng dalawa habang gumagawa ng arnibal. Unti-unting magdidilim ang mga ilaw.*

IBYANG: Nagpopomada rin kaya si Anne?

ESTER: *(Matatawa)* Ano ka ba, Ibyang!

IBYANG: Aba'y malay ko ba kung pareho kayo ng teyst ni Ces! Naku, mahihirapan din akong tanggapin ang Anne na 'yon kung nagpopomada siya!

ESTER: *(Matatawang lalo)* Baliw kang talaga!

*Mauulinigan ang kanilang mga tawanan hanggang sa tuluyang magdilim ang entablado.*

***